20. Ang mga mahihirap sa Kyrgyzstan ay nagdurusa mula sa krisis sa ekonomiya at kawalan ng trabaho. Panginoon, ang pamahalaan nawa ay dulutan sila ng mga pagkain at serbisyong medikal na makatutulong sa kanila. (James 2:15-16)

21. Panginoon, bigyan mo nawa ang aming pangkat sa North Africa ng karunungan at gawin mo silang handa at bukas-loob sa paghahanda ng mga programa na makatutulong sa mga tao na may ibat-ibang mga pinagdadaanan. (James 3:17)

22. Ama, paigtingin mo nawa ang pagtitipon-tipon ng Kurdish small group na kasisimula pa lamang sa Middle East. Dulutan mo nawa ang nangunguna sa small group ng karunungan at tapang sa kanyang pagtalakay sa mga hindi madaling paksa. (James 1:5)

23. O Diyos, dalangin namin ang mga kababaihan at pamilya sa North Africa na nahihirapan sa kanilang pinansiyal at kalagayan sa lipunan. Bigyang karunungan mo nawa sila sa kanilang mga buhay. (Prov. 21:5)

24. O Diyos, nawa ang mga Kristiyanong pamila s Uzbekistan ay buksan ang kanilang mga puso at tahanan para sa mga ulila at sa mga batang galing sa mga nasirang pamilya na hindi sila maalagaan. (Job 29:12)

25. Ama, dalangin namin ang kalusugan at buong pagkatao ng mga kababaihan sa Morocco. Bigyang akses mo po nawa sila ng akses sa kalidad na pangangalagang pangkalusugan at ng kalakasan at kasigasigan. (3 John 1:2)

26. Panginoon, dalangin namin ang espirituwal, mental, at pisikal na proteksyon ng mga batang babae sa Middle Eastern na mga simbahan. Nawa'y manitili silang masigasig sa kanilang pananampalataya. (2 Thess. 3:3)

27. Ang mga kababaihan sa Turkmenistan ay maraming hinaharap na mga nakasulat at mga di nakasulat na mga pagbabawal na hindi makatarungang humuhadlang sa kanilang mga ginagawa. Panginoon, kumikilos ka nawa sa mga puso ng mga lider na bigyang halaga ang mga kababaihan at naising bigyan sila ng higit na Kalayaan. (Luke 4:18)

28. O Diyos, sa pagkasira ng antas ng moralidad ng mga kaba sa North Africa, nawa ang iyong katotohanan ay makatulong sa mga kababaihan na makita ang kanilang halaga loobg ng isang matapat, makadiyos na relasyon. (Prov. 3:3)

29. Panginoon, pagpalain at protektahan mo nawa ang bagong coordinator at ang pangkat ng TWR Women of Hope sa Northern Cyprus sa kanilang pagmiministeryo sa mga bata, at hindi mananampalatayang kababaihan doon. (Num. 6:24-26)

30. Ama, aliwin at palakasin mo nawa ang mga nangungulilang mga kababaihan ng Türkiye nasa kanilang bahay lang para alagaan ang kanilang mga anak at pamilya. (Deut. 31:6)


후원안내

국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송

최초 입금 후 사무실로 연락 주시기 바랍니다


TWR WOMEN OF HOPE 소망의 여인들

# Women of Hope

## Prayer Calendar

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 65,000 na mga tao



**2023. 9.**

**Panalangin para sa mga kababaihan sa rehiyon ng CAMENA1**

Ang CAMENA ay isang daglat na nilikha ng TWR at tumutukoy sa mga rehiyon ng Central Asia, Middle East at North Africa. Ang mga mamamayang Kurdish ay isa sa pinakamalaking grupong etniko sa mundo na walang sariling estado. Sa buong mundo, mayroong 30 million hanggang 40 million Kurds, karamihan ay nakatira sa Kurdistan, na sumasaklaw sa Turkey, Iran, Iraq at Syria.


**TWR Korea 북방선교방송**

서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층

전화 (02)886-5671 / 이메일 phkorea@twrk.or.kr

## Nawa'y ipanalangin po natin…

1. Panginoon, nawa ang mga bagong episode ng Women of Hope na nilikha ng aming pangkat sa Farsi ay makapagdala ng pag-asa ni Hesus sa mga kababaihan sa Iran at sa mga namumuhay kasama ang iba pang mula rin sa ibang mga bansa, kasama rin diyan and Türkiye. (Ps. 130:7)

2. Ama, ang mga kababaihan sa Karakalpakstan na nagdurusa dahil sa depresyon at takot dulot ng dibosyo, magulong relasyon sa pamilya, kawalan ng trabaho, kawalan ng tiwala sa sarili o kakulangan sa edukasyon ay masumpungan nawa ang pag-asa at kanilang pagkakakilanlan sa Iyo. (Ps. 143:7-8)

3. O Diyos, nawa ang mga simbahan sa North Africa na napilitang magsisara nitong mga nagdaang taon ay muling mabuksan upang makapagdulot ng espirituwal na kalusugan at ang mga Kristiyano ay makapagtipong muli. (Matt. 4:4)

4. Ang prostitusyon sa Israel, kung saan ang Tel Aviv na siyang pinaka sentro, ay nadomina ng mga imigrante mula sa dating Soviet Union. Panginoon, magkaloob ka nawa ng paraan para matakasan ang kanilang kalagayan. (Ps. 107:28)

5. Pinupuri ka namin, O Diyos, para sa Arabic Women of Hope na programa at dalangin namin ang mga pangkat na naatasan sa kanilang pagbibigay ng mga payo at pagdidisipulo sa mga tagapakinig. (Rom. 10:14)

6. O Diyos, idinadalangin po namin ang mga tao ng Türkiye, kung saan ang antas ng pagtaas ng mga bilihin ng nakaraang taon ay umabot na sa 85%. Hindi na magawang bayaran ng mga tao ang kanilangg upa at pakiramdam nila'y wala ng pag-asa. (Rom. 15:13)

7. Panginoong Diyos, tulungan mo po nawa ang mga kababaihan sa Northern Cyprus na nagdurusa mula sa trauma. Makasumpong nawa sila ng pag-asa at kagalingan kay Hesus. (Ps. 107:13-16)

8. Ama namin sa langit, itinataas namin ang mga kababaihan sa Egypt at idinadalangin ang kanilang kaligtasan at proteksyon. Bantyan mo po nawa mula sa panganim at dulutan sila ng kapayapaan. (Ps. 91:11-12)

9. Panginoon, dalangin namin ang mga kababaihan sa yemen at Sudan na nakararanas ng digmaan. Protektahan mo nawa ang mga ina na nagsisikap na tustusan ang kanilang mga anak. (Ps. 46:1)

Address: P.O.Box 332 Baguio City 2600.
Website: www.twrphilippines.com
Phone # (074)424 1263/ 0999 774 9660
Facebook: TWR Phils

10. Ama, dulutan mo nawa ng proteksyon at kagalingan ang mga kababaihan sa Uzbekistan na nagdurusa ng pang-aabuso sa loob ng tahanan. Baguhin mo nawa ang mga puso ng mga nang-aabuso. (Isa. 41:10)

11. Panginoon, nawa ang mga lalaking asawa sa Tajikistan ay makahanap ng trabaho upang di na nila kailangan pang bumiyahe sa Russia para lang magtrabaho. Marami sa kanila ang nabilanggo dahil sa iligal nilang pagpasok doon. (Ps. 90:17)

12. O Diyos, protektahan mo nawa ang mga babaeng biktima ng human trafficking na naipadpad sa mga pasugalan at bahay-aliwan sa Northern Cyprus. Tulungan mo nawa na makahanap sila ng paraan na matakasan ang prostitusyon. (Ps. 82:3)

13. Ama, ihayag mo po nawa ang iyong sarili sa mga naapektuhan ng lindol sa Türkiye at Syria. Makilala at tanggapin nawa nila si Hesus at makasumpong ng pag-asa sa Kanya. (Isa. 54:10)

14. Panginoon, dalangin po namin ang pagdami ng oportunidad para sa edukasyo ng mga kababaihan sa Jordan. Tulungan mo nawa sila na magpatuloy sa pagkuha ng kaalaman at mga kasanayan upang magawa nilang makatulong sa lipunan. (Prov. 1:5)

15. Sa kanilang pagbubuwis ng kanilang mga buhay para lamang maihatid ang ebanghelyo sa mga tao sa North Africa, Ama, dalangin po namin na dulutan mo nawa ng proteksyon ang aming matapang na pangkat ganun din ang mga tumanggap sa kanilang mensahe ng pag-asa. (Ps. 23:4)

16. O Diyos, buksan mo nawa ang mga mata at puso ng mga kababaihan sa Israel upang tanggapin si Hesu Kristo bilang kanilang Panginoon at Tagapagligtas.

17. Panginoon, magbukas ka nawa ng mga oportunidad para sa mga kababaihan sa Central Asia upang makapagsimula sila ng Negosyo na makakatulong sa kanila at sa kanilang mga pamilya. (Prov. 31:18)

18. O Diyos, dalangin namin ang kalayaan at proteksyon sa mga karapatang pantao ngg mga kababaihan sa Syria. Nawa ang iyong katotohanan na naibabahagi sa pamamagitan ng Christian media ay makapagdulot ng kagalingan at restorasyon sa kanilang mga buhay. (Isa. 61:1)

19. Ama, bigyang kalakasan at tapang mo nawa ang mga kababaihan sa Iraq na mapagtagumpayan nila ang mga paghihirap at sila'y magsilbing pag-asa sa iba. (Josh. 1:9)